# Panalangin Para sa Kapayapaan na Nakabatay sa Katarungan

Ni: Deaconess Norma Dollaga, United Methodist Church
2024 World Methodist Peace Award

*"Pinagpala ang mga gumagawa ng paraan para sa kapayapaan, sapagkat sila'y ituturing na mga anak ng Diyos." Mateo 5:9*

Kapayapaan
Peace
Paz
Kalinaw
Salam
Shalom
Salaamata
Friede
Paix
Santi
Pace
Kedamaian

Iba't iba ang tawag sa IYO
Dios na may iba't ibang pangalan at pagkilos
Dalhin mo kami sa kaibuturan ng Iyong PUSO
Sa pinakamalalim na hikbi ng nagluluksang bayan
Upang kami man ay makisama sa pag-taghoy sa pagpaslang sa aming mga anak
Na inagaw sa amin ng gutom at karamdaman
Na inagaw sa amin ng mga bala at bomba dahil pinaratangan sila na kaaway ng estado

Dalhin MO kami sa Iyong PUSO, O Dios
Sa awit at himig ng sambayanan
Sila ay umaawit ng paghehele at himno na naananabik sa KALAYAAN
Umaakyat hanggang langit ang kanilang tinig tulad ng dasal
Akayin mo kami sa kanilang musika
Upang kamiý umawit at magdasal na kasama nila
Hanggang sa awit ng KALAYAAN kami'y mapag-isa.

Dalhin MO kami sa Iyong Puso, O Dios
Sa sayaw at indayog ng Bayan
Sa aming pag-lalakbay tungo sa Hustisya
At kung kami ay hihinga para sa KAPAYAPAAN at Katarungan
Batid namin na ang Tagumpay ay makakamtan.

Dalhin mo kami sa iyong Puso, O Dios
Sa mga tula at luha ng bayan
Upang masambit namin ang aming pagiging tao
Dalhin Mo kami sa mga kuwento ng pakikibaka at pag-asa ng sambayanan
Upang masumpungan namin ang KAPAYAPAANG lagpas sa pang-unawa ng karaniwan.

Nananabik kami sa Kapayapaan, O Dios
Kapayapaang Magpapalaya sa amin mula sa paniniil at pambubusabos
Kapayapaang base sa KATARUNGAN at pangmatagalan
Kapayaaang ipanunumbalik at ipagdiriwang ang aming pagiging Tao na nilikha sa wangis ng Diyos.